

22. Panginoon, pinupuri Ka namin dahil sa mga German na nagbibigay at sumosuporta sa pandaigdigang ministryo ng TWR Women of Hope. Ang kanilang tuloy -tuloy na suporta **PAGPUPURI SA DIYOS** ang nagpopondo sa programang Women of Hope sa iba't-ibang wika. (Gal. 6:9)

23. Panginoon, pinupuri Ka namin dahil nagbukas ang mga pintuan ng pagkakataon sa Ethiopia para sa grupo ng TWR Women of Hope upang pagsilbihan ang mga tumakas at lumikas mula sa kanilang mga bayan at tahanan. Hipuin Mo ang mga nangangailangan ng kagalingan mula sa Iyo Panginoon. (Matt. 25:35)

24. Pinupuri Ka namin Panginoon sa pagbabagong nangyayari sa mga Finnish na simbahan, kung saan ang panalangin, pagdadala ng iba sa panalangin at personal na kabanalan ay nagiging mas mahalaga. (Awit 145:18)

25. Salamat Panginoon sa pagpapahintulot Mo na na masimulan ang ministryo ng TWR Women of Hope sa Japan nitong nakaraang Marso ngayong taon sa kabila ng pandemiyang COVID. (Isa. 55:8-9)

26. Pinupuri Ka namin Panginoon dahil iningatan Mo ang buhay ng mga kamanggagawa namin sa Women of Hope Spain sa panahon ng krisis sa coronavirus. (Ps. 9:1)

27. Ama, salamat sa mga Koreans na nananalangin sa diwa ng pagmi misyon. Dalangin namin na nawa ay madagdagan pa ang mga tapat na tagapamagitan sa panalangin na katulad nila. (Ps. 66:20)

28. Panginoon, salamat sa paggamit Mo ng media para sa ebanghelismo sa panahon ng pandemiya lalo na sa North Caucasus, kung saan mahirap ibahagi ng lantaran ang ebanghelyo. (Rom. 8:28)

29. Panginoon, pinupuri Ka namin sa Iyong Salita na siyang kumukumbinsi sa aming mga puso. Dalangin namin na ang mga tagapakinig sa India mula sa ibang mga relihiyon ay hipuin ng Iyong Salita upang sila ay maligtas. (John 6:37)

30. Panginoon, salamat sa paggamit Mo sa mga programa ng Serbian Women of Hope upang magbigay ng kalakasan at kaaliwan sa maraming kababaihan. Salamat sa pagbigay Mo sa amin ng social media upang magdala ng pag-asa sa marami. (2 Cor. 1:3)

31. Panginoon, salamat sa paghipo Mo sa mga tagapakinig na Swedish ng The Garden of the Heart. Ang programang ito ay nakatulong sa marami upang kanilang masumpungan ang kagalingan at manumbalik sa Iyo. (Ps. 9:11)

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 12. Pagpupuri at Pagpapasalamat

"Magpakasigasig kayo sa pananalangin nang may pasasalamat, at habang nananalangin kayo ingatan ninyo ang pag-iisip ninyo." (Col 4:2) Hindi magiging sapat ang ating pagpapasalamat kung hindi natin imumulat ang ating espiritu at maranasan ang masusing gabay ng Diyos. Ang kabutihan ng Diyos, kabanalan, pagmamahal, kawalang hanggan, ito ang mga dahilan kung bakit natin pinapupurihan at pinasasalamatan ang Diyos. Para sa Disyembre, dadalhin natin ang paksa ng pagpapasalamat mula sa iba't ibang panig ng mundo. Purihin natin ang Diyos sa pamamagitan ng mga espirtual na awitin.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, pinupuri Ka namin dahil kahit may pandemic, ang mga simbahan sa Romania ay lumilitaw ngayon sa online. Dahil dito ay nagkaroon sila ng pagkakataon na magpulung at tumulong sa mga taong naduduwang na pumasok sa simbahan. (Acts 8:4)
2. Ama, nagpapasalamat kami, dahil sa COVID pandemic, mas malalim ngayon ang pananaw ng mga Japanese sa buhay. Tunay na Diyos, nawa ay masumpungan Ka nila bilang kasagutan sa buhay. (Isa. 55:10 -11)
3. Ama, salamat dahil maaari naming ituloy ang ministryo ng TWR Women of Hope sa mga kababaihang nakabilanggo sa Buen Pastor sa Paraguay. Salamat sa pagkakaloob ng mga mangagagawa, mga materyales at mga donasyon upang madala ang mensahe ng kaligtasan. (John 16:22)
4. Nagpapasalamat kami Panginoon dahil may 18 kababaihan sa Liberia ang tumanggap kay Cristo sa kanilang lingguhang Gawain na "Go Share". Dalangin namin na mas marami pa ang makasumpong ng kaligtasan. (Luke 15:6)
5. Nagpapasalamat kami sa Diyos dahil maagang nagawa ang produksyon ng programang "Hidden Treasures" sa Spain. "Sa lahat ng pagkakataon si Yahweh ay aking pupurihin; pagpupuri ko sa Kanya'y hindi ko papatigilin." (Ps. 34:1).
6. Panginoon, pinupuri Ka namin sa pagbibigay Mo ng tatlung tapat na mga manggagawa na tumutulong sa TWR Women of Hope sa South Korea. Salamat sa pagbibigay Mo sa kanila ng iba't-ibang talento at pinagsama-sama Mo sila upang pagsilbihan Ka. (1 Cor. 12:4 -6)
7. Ama, salamat sa pagbibigay Mo ng kaaliwan sa mga kababaihang Muslim sa North Caucasus sa pamamagitan ng mga programa ng Women of Hope. Marami sa kanila ay natutong magmahal sa kanilang asawa, at ngayon ay puno ng kapayapaan at biyaya ang kanilang tahanan. (Luke 1:68)

8. Pinupuri Ka namin Ama na ang Women of Hope ay maaari ng mag - simula sa pagsasahimpapawid sa telebisyon ng mga programang Hindi at Bengali ngayong may pandemic. Salamat din sa pagbibigay Mo ng daan upang ang mga nasa India ay makadalo sa pananalangin sa pamamagitan ng bidyo at tawag sa telepono. (Heb. 10:25)

9. Purihin ang Panginoon dahil ang mga Kristiyano sa Lyon, France, ay nakakapagpamahagi ng limanglibong Bibliya taon taon sa Festival of Lights tuwing Disyembre. Salamat din dahil marami ang humihingi ng Bibliya. (Matt. 4:4)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Purihin ang Panginoon sa paglagong espirtual na nagaganap sa mga tagapakinig ng Women of Hope Tagalog sa Philippines dahil sila ay nananatiling matatag sa pananampalataya sa kabila ng mga kinakaharap na pagsubok dala ng pandemiya. Nagpapasalamat din kami na maraming mga tagapakinig ang nagsasabi na sila ay pinagpapala ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng ministryong ito. (1 Cor. 16:13)

11. Panginoon, nagpapasalamat kami na dahil sa pandemiya ay maraming Kristiyano sa Northern Europe ang nakatanto na ang mga pakikipagtagpo sa lyo sa panalangin ay mas mahalaga kaysa sa mga pagpupulong tungkol sa negosyo. (Mark 1:35)

12. Ama, salamat sa bagong grupo na itinatag Mo sa Portugal para sa pagsasahimpapawid ng Women of Hope at sa posibilidad na mapakinggan din ito sa pamamagitan ng mga bagong plataporma katulad ng Spotify. (Ps. 63:4)

13. Ama, salamat dahil kahit sa gitna ng lockdown ay may pagkakataon pa rin na makapaghanap buhay kahit nasa loob ng tahanan. Ang pagkakataon g ito ay nagbibigay sa mga kababaihang Chinese na maging matagumpay sa kanilang pamumuhay bilang Kristiyano sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. (Ps. 71:8)

14. Salamat Panginoon dahil ang mahirap na panahon ngayon ang tumulong sa mga mananampalatayang Serbian upang maunawaan na Ikaw ang pinakamakapangyarihan. Ikaw lamang Panginoon, ang maaari naming pagkatiwalaan (Ps. 71:5)

15. Pinupuri Ka namin Panginoon dahil lagi Mong dinidinig ang aming mga panalangin. Salamat sa maraming tapat na tagapanalangin sa Faroe Islands at Denmark, marami sa kanila ay nananalangin na sa mahabang panahon. (1 John 5:14)

16. Panginoon, pinupuri Ka namin dahil maraming mamamayan ng Bonaire ang nananatiling may hanapbuhay kahit ngayong may pandemiya at sila ay may pagkakataong makatulong sa iba. (Ps.68:19)

17. Panginoon, pinupuri Ka namin sa pagtuturo Mo kung paano gamitin ng mas kapakipakinabang ang teknolohiya sa Uruguay ngayong may pandemiya. Ngayon, ang mga simbahan ay nananalangin, nagsasama-sama, at nagkakaroon ng komunyong sa pamamagitan ng Zoom. (Isa. 25:1)

18. Diyos na makapangyarihan, pinupuri Ka namin dahil ang ebanghelyo ay malayang naibabahagi sa Indonesia sa pamamagitan ng social media. Salamat sa mga bagong mananampalataya na matapang na naibahagi ang kanilang patotoo sa ganitong paraan. (Acts 4:29)

19. Panginoon, pinupuri Ka namin sa buhay ni Ful Maya Tamang, ang aming bagong national coordinator sa Nepal, at sa mga bagong mananampalataya na nakahanap ng pag-asa sa lyo sa pamamagitan ng ministryo ng TWR Women of Hope. (1 Cor. 1:4)

20. Ama, salamat sa buhay nina Karin, Eva, Kerstin, Helen at Rebecka, ilan sa mga tapat na boluntaryong manggagawa ng TWR Women of Hope sa Sweden. Pagpalain Mo nawa ang gawa ng kanilang mga kamay. (Ps. 90:17)

21. Makapangyarihang Diyos, salamat na ang mga tagapakinig sa Vietnam ay nakasump ong ng kaaliwan at kapayapaan sa gitna ng pandemiya dahil nalaman nila ang lyoung mga pangako sa pamamagitan ng mga programa ng TWR. (2 Cor. 1:20)